



ALAM MO BA?

Ang net worth ng may-ari ng bahay ay

45x

na mas malaki kaysa sa nangungupahan.

- Federal Reserve

ANG PAGPAPAYO PARA SA PABAHAY NA APRUBADO NG HUD AY ANG IYONG MAPAGKAKATIWALAANG RESOURCE.

Nagbibigay-daan sa mga consumer na gumawa ng mga mahusay na pagpapasiya sa pabahay. Ang pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD ay tumutulong sa mahigit isang milyong sambahayan bawat taon.



Ang pag-apruba ng ahensya ng pagpapayo sa pabahay ay hindi gumagawa o nagpapahiwatig ng warranty o pag-eendorso ng HUD ng aprubadong ahensya o mga empleyado nito sa isang prospektibong kliyente o sa sinumang iba pang organisasyon o indibidwal. Nangangahulugan lang ang pag-apruba na ang ahensya ay nakatugon sa mga kwalipikasyon at kundisyong tinukoy ng HUD.

OFFICE OF
HOUSING COUNSELING
hud.gov/housingcounseling
1-800-569-4287



MGA BUMIBILI NG BAHAY SA UNANG PAGKAKATAON

MORTGAGE 101



SAAN MAGSISIMULA

TANUNGIN ANG IYONG TAGAPAYO SA PABAHAY ANG TUNGKOL SA

- ▶ Paghahanap sa tamang pautang o pagmumulan ng pautang
- ▶ Magkano ang kaya mo para sa bahay
- ▶ Mga dokumentong kakailanganin mo
- ▶ Credit score mo
- ▶ Magkanong downpayment ang kakailanganin mo

Ang pangunahing hakbang para magkabahay ay ang pag-unawa sa proseso ng mortgage. Maaaring kumplikado at nakakalito kung minsan ang bahaging ito ng pagbili, ngunit hindi naman dapat. Naririto ang iyong ahensya ng pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD upang tulungan kang suungin at matutunan ang mga saligan, para makagawa ka ng mga pagpapasiya nang may kabatiran kapag naghahanap ng loan. Magbasa pa para sa mabilis na kaalaman sa proseso ng mortgage.

PAG-UNAWA SA MGA MORTGAGE

MGA SUSUNOD NA HAKBANG

1. Paunang pagkwalipika o Paunang Pag-apruba
2. Application sa pautang
3. Pagtatasa ng bahay
4. Down payment
5. Pagsasara

Utang ang iyong mortgage. Kung wala kang cash upang bilhin ang iyong bahay, kailangan mong hiramin ito. Sa paglipas ng itinakdang panahon, babayaran mo ang inutang. Hindi nagtatapos dito ang pag-uusap – may iba't ibang uri ng mortgage at nagpapautang. Makipag-usap sa iyong lokal na ahensya ng pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD upang maunawaan ang proseso at makuha ang iyong bahay.

PAANO KAMI MAKAKATULONG

PAG-USAPAN NATIN ANG TUNGKOL SA

- ▶ Mga uri ng mortgage
- ▶ Pag-unawa sa tulong sa down payment
- ▶ Pagpapalano at pagbabadyet
- ▶ Mga termino sa mortgage na dapat mong malaman
- ▶ Pag-iwas sa mga scam sa proseso ng pagbili ng bahay

Magsisimula ang una mong hakbang sa pagbisita sa iyong lokal na ahensya ng pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD. Kunin ang mahahalagang kinakailangan mong malaman bago at pagkatapos bumili ng bahay. Makakuha ng walang kinikilingang payo sa iyong mortgage, pag-iwas sa foreclosure, pagprotekta sa iyong credit, at marami pang iba.

MGA TAGAPAYO SA PABAHAY SA BUONG BANSA



Isang paglalakbay ang daan patungo sa tahanan, ngunit hindi mo kailangang maglakad nang mag-isa. Upang matuto pa tungkol sa mortgage o makahanap ng ahensya ng pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD, bisitahin ang hud.gov/housingcounseling or call 1-800-569-4287. Narito kami upang tulungan kang magkabahay!